

# **Sangay ng Literatura at Araling Kultural (SLAK)**

## **Deskripsiyon ng mga Sangay**

Kabilang, ngunit hindi limitado, sa sangay na ito ang pangangalap, pagrerepaso, at pag-aaral sa mga literatura at kulturang nasusulat sa Filipino at iba pang wika sa rehiyon, bukod sa mga nasusulat sa Ingles at iba pang internasyonal na wika. Sisikapin din nitóng makabuo ng aklat, tsapbuk, teksbuk, at antolohiya ukol sa mga araling pangkultura kada taon, lalo't ang mga komisyoner ay kumakatawan sa kani-kaniyang wikang maituturing na katutubo. Sa pamamagitan ng SLAK, inaasahang mahahatak ang mga Sentro ng Komisyon para mag-ambag sa layuning ito. Kasáma ang SPP, mangunguna ang SLAK sa pagtatayo ng “Aklatang Filipino”—ang koleksiyon ng lahat ng publikasyong nakasulat sa Filipino at ibang wika ng Filipinas o hinggil sa kasaysayan at kultura ng bansa.

## **Mga Proyekto ng Sangay**

### **Lekturang Romualdez**

Taunang lekturang ipinangalan sa dáting punòng mahistrado Norberto L. Romualdez. Ang taunang lektura na isinasagawa tuwing ika-6 ng Hunyo ay pagtatampok sa napapanahong mga kaalaman at makabagong pag-aaral hinggil sa wika at kultura ng Filipinas.

### **Seminar sa Korespondensiya Opisyal**

Ang Seminar sa Korespondensiya Opisyal ay itinataguyod ng KWF sa pakikipagtulungan sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG) at Komisyon sa Serbisyo Sibil (CSC). Isang araw na gawain na dinadaluhan ng mga guro o kawani ng pamahalaan upang mapag-aralan ang wastong paggamit ng wikang Filipino sa mga korespondensiya opisyal. Ang Seminar sa Korespondensiya Opisyal ay isa sa mga gawain ng KWF upang maisakatuparan ang Atas Tagapagpaganap blg. 335.

## **Reoryentasyon sa Panitikan at Seminar sa Pagtuturo ng Panitikang Gender-Based**

Pambansang pagsasanay na naglalalayong mapataas ang kamalayang pangkasarian ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang gender-based. Nagkakaroon ng panayam at talakayan hinggil sa iba't ibang paksang may kaugnayan sa panitikan, wika, at kasarian. Nagsasagawa rin ng pakitang-turo sa kuwentong bayan, tula, at maikling kuwento.e

### **Selyo ng Kahusayan**

Ang Selyo ng Kahusayan ay timpalak at parangal para sa mga ahensiya at lokal na yunit ng pamahalaan na sumunod sa implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 o E0 335 at nagpamalas ng kahusayan sa paggamit ng Filipino bilang wika ng serbisyo publiko.

### **Aklatang Balmaseda**

Nakatuon ang proyektong ito sa pagpapaunlad ng serbisyo at koleksiyon ng aklatan ng KWF mula sa dihitalisasyon ng mga lumang publikasyon, pagbuo ng online catalogue, at reproduksiyon ng Koleksiyong Balmaseda mula sa Pambansang Aklatan ng Filipinas.

### **Kontak number ng sangay**

(632) 252-1953

Mga Pormularyo

**Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika 2019**

**Pambansang Reoryentasyon sa Panitikan**

**GEC Retooling para sa Malayuning Komunikasyon**

**Reoryentasyon sa Panitikan para 21-23 Hunyo 2019 sa LNU**

